

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City
NO . 166

Symphony No.9 ng mamamayan ng Kawasaki



Sa kauna-unahang pagkakataon ay gaganapin sa Muza Kawasaki Symphony Hall ang konsiyerto ng mamamayan ng Kawasaki na **"Symphony No. 9"**. Mula noon hanggang ngayon, ang apat na uri ng orkestra ng Kawasaki ay magkakahaliling magsagawa ng konsiyerto subali't sa pagkakataong ito, sila ay sama-samang magtatanghal. Ang grupo ng koro ay binubuo ng tatlong daan (300) katao mula sa Kawasaki na sumagot sa tawag ng pangangailangan ng mga mang-aawit. Mula noong Agosto, ang mga ito ay puspusang nag-eensayo tuwing biyernes, ang bunga nito ay matutunghayan sa ika-12 ng Disyembre, 2004 mula alas 2 ng hapon. Ang tiket para sa konsiyerto ay ¥2000 para sa S-seat at ¥1500 para sa A-seat.

NO . 167

Konsiyerto ng Musikang Tema sa Pelikula (unang bahagi)

with Christmas illumination

Sa pagdaraos ng ika-80 taong Anibersaryo ng pagkatatag ng Kawasaki bilang Siyudad, binuo at inayos ang isang [**Film Music Concert, Promenade of Light and Sound**]. Ang proyektong ito ay itatanghal sa unang palapag ng No.3 Building ng Kawasaki City Office (Shiyakusho) mula alas 5:30 hanggang 6:30 ng hapon. Sa ika-3 ng Disyembre 2004, magtatanghal ang jazz band na binubuo ng saxophone, drum, percussion, piyano, gitara at bass. Tutugtugin ng banda ang ilan sa musikang tema sa pelikula pati na rin ang kanilang orihinal na himig gaya ng **"Forever"**, **"Desperado"**, **"The Other Side of Sadness"**. At sa darating na ika-10 ng Disyembre 2004, ang grupo ng banda na binubuo ng flute, ocarina at gitara ay tutugtog ng **"Around the World"** na hinango sa pelikulang **"Around the world in 80 days"**, at **"The Entertainer"** ng pelikulang **"The Sting"** at marami pang ibang himig. Walang bayad ang konsiyertong ito, kung kaya't ang lahat ay inaanyayahang makidalo at magsaya.




Konsiyerto ng Musikang Tema sa Pelikula (pangalawang bahagi)

with Christmas illumination

Ang ikalawang bahagi ng [**Film Music Concert, Promenade of Light and Sound**] ay gaganapin sa ika-17 ng Disyembre 2004 ng banda na binubuo naman ng piano, bass at drum. Ang mga himig na kanilang tutugtugin ay **"The Call of the Far Away Hills"** mula sa pelikulang **"Shane"** at **"The Days of Wine and Roses"** na mula sa Italyanong pelikula **"Sunflower"**. Bukod dito, sa ika-24 ng Disyembre 2004, ang mga musikang galing sa pelikulang **"White Christmas"**, **"Merry Christmas, Mr. Lawrence"** at **"When You Wish Upon A Star"** ng pelikulang **"Pinnocchio"** at marami pang ibang himig ay tutugtugin ng banda na binubuo ng handbells, flute, ocarina, piano at violin. Ang lahat ay inaanyayahang makisaya at makinig sa magagandang himig na ito. Ito ay libre o walang bayad.

New Year's Cards para sa mga Hayop sa Yumemigasaki Zoo




Hinihiling sa lahat na magpadala ng New Year's Card o (Poskard ng Bagong Taon) para sa mga hayop ng Yumemigasaki Animal Park. Lahat ng matatanggap na kard ay idi-display sa loob ng parke mula sa ika-28 ng Enero ~ ika-14 ng Pebrero 2005.


Ipadala sa : 「Yumemigasaki Dobutsu Ko-en」 1-2-1 Minami-Kase, Saiwai Ward, Kawasaki City 〒212-0055 (Tel: (588) 4030 . Maaaring ipadala ng inyong Poskard mula ika-16 ng Disyembre2004 ~ ika-16 ng Enero2005.

Yonetty Ozenji

NO . 168



Ang Yonetty Ozenji ay matatagpuan sa Asao ward kung saan may iba't-ibang pasilidad kagaya ng silid-pahingahan para sa mga "senior citizens" at "swimming pool complex" na pinaiinit sa pamamagitan ng pagsunog ng basura sa boiler. Ang mainit na pool na may 25 metro ay may malakas na agos sa gitna at mayroon ding padulasang pool para sa mga bata. Ang lugar ng pool ay bukas mula alas-10 ng umaga hanggang alas-8:30 ng gabi. Ang tiket ay mabibili hanggang alas-7:30 ng gabi. Ang halaga ng tiket ay ¥300 per oras at ¥150 sa susunod na bawat 30-minuto para sa mga nasa 15 taong gulang at pataas. Para naman sa mga may 3-14 taong gulang at nasa junior haiskul, ang tiket ay ¥100 per oras at ¥50 sa susunod na bawat 30-minuto. Sa Yonetty Ozenji ay mayroon ding "Training Room" na bukas tuwing alas-9 ng umaga hanggang alas-12 ng tanghali, ala-1 hanggang alas-4 ng hapon at alas-5 ng hapon hanggang alas-8 ng gabi. Magkakaiba ang bayad sa bawat oras na nabanggit. Ang halaga ay ¥300 sa mga nasa 20 taong gulang at pataas, ¥100 sa mga nasa 15-19 taong gulang at 20 taong gulang na estudyante . Bukod pa roon, mayroon ding 35 mato na sukat ng tatami na pahingahan at paliguan, ito ay magagamit ng walang bayad mula alas-9:00 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon ng mga 60 taong gulang at pataas (senior citizen). Karagdagan pa sa mga pasilidad ng Yonetty Ozenji ay ang lugar para sa gate-ball at para sa pagdaraos ng miting at iba pang aktibidad. Mararating ang Yonetty Ozenji sa pamamagitan ng bus mula sa istasyon ng Kakio ng Odakyu Line. O kaya sumakay ng [溝 17] mula sa istasyon ng Musashi-Mizonokuchi ng JR Nambu Line. Ang bus stop na bababaan ay Den-en Chofu Gakuen Daigaku. May bayad na ¥100 per oras ang parking sa mga magdadala ng sasakyan. Maliban sa buwan ng Hulyo at Agosto, ang Yonetty Ozenji ay sarado tuwing Miyerkoles. Subali't kung tumapat na pistang opisyal ang Miyerkoles, ito ay bukas at ang susunod na araw ang magiging araw ng pahinga. Sarado rin ang Yonetty Ozenji mula sa ika-29 ng Disyembre 2004 hanggang ika-5 ng Enero 2005. Sa iba pang impormasyon, tumawag sa Yonetty Ozenji na may telepono bilang 044-951-3636.



Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>